
A sneak preview of the graphic
novel, Pintura: Panimulang Yugto

PINTURA COMICS GROUP

**JOHN BECARO**

Story / Pencils / Art Direction / Quick Grayscales / Letters / Cover

**CHRIS BARCELONA**

Inks / Pencil Assists / Back cover / Co - Creator / Graphics / Post Production

**VINCENT SORATIOSA**

Producer / Managing Editor / Co - Author / Co - Creator / Post Production

**JAY-R DILIGENCIA**

Co - Creator / Graphics / Post Production

Special Thanks to

**KC CORDERO and JON ZAMAR**

PINTURA : PANIMULANG YUGTO. First Printing. All rights reserved. Published by Pintura Comics Group. Email: angpinturamgmt@gmail.com. Views and opinions express in this graphic novel are solely those of the writers and not by the publisher, characters, institutions and situations depicted are entirely fictional and any similarities to actual persons, places, and events are purely coincidental, except for review purposes. No part of this publication may be reprinted, in part or in a whole, without express written permission of the publisher. Printed in the Philippines.

https://www.facebook.com/AngPintura

http://johnbecaro.wix.com/johnbecaro

http://bigdreamscome.wix.com/cdiorcreativestudio


PINTURA/DR. HENRY © 2014 JOHN BECARO
MAGAUL/TALAS © 2014 VINCENT SORATIOSA
LINOG © 2014 JAY-R DILIGENCIA
BARIS © 2014 CHRIS BARCELONA



Papaano mo tatanggapin ang katotohanan kung ikaw mismo ay isa lamang anino ng iyong nakaraan?






PAANO BA MAGING TAO?
MADALING TANONG AT MABILIS HANAPAN NG SAGOT NOONG UNA.
MATULOG, KUMAIN, TUMAE, HUMINGA, MAGBIHIS, UMIHI, SUMIGAW, MAGSALITA, MAGBASA, NGUMITI, UMIYAK, MAG-ISIP, MAGBILANG, MAINIS. MANGARAP, MAGMAHAL, GUMUHIT..
MAGPINTA.
OO, MUKHANG MADALI NGANG SAGUTIN KUNG PAANO MAGING TAO.
PERO NGAYON, MUKHANG NAHIHIRAPAN AKO.
PAANO KUNG HINDI NA PALA AKO TAO?
MAG-INGAT • FLORES
BARCELONA • PANOY
DELIGENCIA • SORATIOSA
24 • DIMAALA
MARAHIL AY NANGUNGULILA LAMANG AKO SA MGA BAGAY NA DATI KO NG NAKASANAYAN.
JUAN, HANDA NA BA YUNG IBA MONG RAMES?
SIGURO, TAO PA RIN NAMAN AKO AT BINIRO LANG NG TADHANA.
ISANG MASAKIT NA BIRO...
HOY! BWENO PUPUNTA NA LANG MUNA AKO DUN SA IBA PA NATING KASAMA...
OY PARE! PASENSIYA NA AT MAY INIISIP LANG AKO.
GULONG GULO ANG ISIP KO!
AH OK. TEKA BAKIT UMIBA YATA ANG KULAY NG MUKHA MO?
PINTA BA YAN?
KAYA SA PAGPIPINTA KO NA LAMANG IBUBUNTONG ANG MGA BAGAY NA SA AKIN AY PALAISIPAN.
BAKA SAKALING MAHANAP KO ANG MGA KASAGUTAN.
AH, WALA ITO PARE, TAMA KA. NATILAMSIKAN LANG AKO KANINA NG PINTURA...
KUNG HINDI MAN NGAYON O BUKAS.
MAARING KAHAPON.


NOBYEMBRE AKINSE.
TATLONG TAON NA ANG NAKALIPAS...
DEOR PAINTS. DITO AKO NAG TRATRABAHO BILANG ISANG INTERN SA LAB NG AKING TIYUHING SI DR. HENRY, ANG HEAD COMPANY CHEMIST NG PABRIKA.
SINIKAP KO NA MATAPOS ANG KURSONG FINEARTS. NGUNIT DAHIL SA KAKULANGAN NG PONDO AY ITINIGIL KO MUNA. INALOK AKO NG TIYUHIN KO NG TULONG FINANCIAL. KAPALIT ANG PAG SHIFT SA KURSONG CHEMICAL ENGINEERING.
NATAON NA SAMPUNG MINUTO NA LAMANG ANG NATITIRA. ORAS NA SANA NG UWIAN NG MGA EMPLEYADO PERO NAPAAGA ANG PAGLABAS NG LAHAT.
ANG PAGSABOG NA AKING NARINIG AY TILA KATUMBAS NG APAT NA PINAGSAMANG KULOG...
SAAN KAYA GALING ANG PAGSABOG?
HINDI ORDINARYO ANG MGA PALAHAW, HUDYAT NA HINDI MAGANDA ANG NANGYARARI.
KUNG MAMALASIN NGA NAMAN. OFF DUTY AKO NGAYON. BUMALIK LANG AKO DAHIL MAY NAKALIMUTAN KO ANG AKING INTERN REPORT KO.



HUH? ANONG...
BRRRKK!
YAWA NGA! BARIS, KAILANGAN PA BA SIRAIN ANG PINTO? E BUKAS PALA.
PASENSIYA NA PARENG LINOG, DI KO MAPIGILAN. PANG DRAMATIC ENTRANCE LANG.
HUSH, BOYS... WE NEED TO FIND THE ITEM IMMEDIATELY.
WE ALREADY HEARD THE CUE OUTSIDE.
SASABOG NA RIN ANG LUGAR NA TO IN 180 SECONDS.
BOY, ITO BA ANG LAB NI DR. HENRY?
BAKIT? ANONG GAGAWIN NIYO DITO?
RELAX, TALAS. MAY ORAS PA PARA MAGLARO.
AT SINO KAY UUUGH!
WALA KA NA DUN!
BOY, SABIHIN KUNG NASAAN ANG LIKIDO NA INIINGATAN NI DR. HENRY.
KUNG AYAW MO SUMABOG ANG BAO MO!
ANONG LIKIDO?
GHHK..
YAWA KA! INDI KO PAG INTOA!
SAAN NA?!



ALAM KO ANG KANILANG HINAHANAP. MAHIGPIT ITONG IPINATAGO SA AKIN NG AKING TIYUHIN. ANG LIKIDO NA NA PAREHO NAMING PINAG-AARALAN.
NASA ITIM NA CABINET. BAKAL NA BOTE.
RIGHT ON!
SAYANG ANG PINTA NA ITO. MAGAGAMIT KO PA SANA...
YEAH. THEY WILL BE WASTED ALONG WITH THIS PLACE!
DAPAT SINABI MO NA KANINA PA!
AGHH!
GOT IT!
THIS PLACE WILL BE LIKE HELL IN A MINUTE!
PAANO ANG ISANG ITO?
TARA NA! WALA NA ORAS!
DUPLICATE ANG KANILANG NAKUHA. HINDI ANG ORIHINAL NA LIKIDO BUTI AT NAPANIWALA KO SILA. MUKHANG NAPAKA-IMPORTANTE NG BAGAY NA ITO. KINAKAILANGAN KO KUMILOS AGAD.
GALING ANG LIKIDO SA MGA ITIM NA KRISTAL NA TINUNAW AT PINAGHALO- HALO. KAILANGAN KO ITO MAITAKAS.SABI NI TITO HENRY ISA ITO SA MAARING MAKAKAPAGBAGO SA KASAYSAYAN NG SIYENSYA...
...AT MAARING PATI ANG PAMUMUHAY NG SANGKATAUHAN.
HINDI KO DAPAT BIGUIN SI TITO! NAPAKABAIT NIYANG TAO AT HINDI NA MABILANG ANG NAITULONG NIYA SA AKIN AT SA AMING PAMILYA!
SUBALIT SADYANG MAPAGLARO LANG ANG TADHANA...



ANG KAMATAYAN BA ANG SUMUSUKAT SA PAGKATAO? O ANG PAGKATAO ANG SUMUSUKAT SA KAMATAYAN?
SA UNTI UNTING PAGKAGUNAW NG AKING ISIPAN SA GABING ITO AY LALONG HINDI KO NA MALALAMAN ANG KASAGUTAN.
NI HINDI KO NA ALAM KUNG SAAN GALING ANG MGA SAKIT, KIROT AT HAPDI. MANHID NA ANG AKING DIWA.
MALAMANG ANO MANG SANDALING IYON AY KUKUNIN NA AKO NI KAMATAYAN.
KITANG KITA KO ANG PAGKALAT NG AKING MGA LAMAN NA HUMALO SA MGA KEMIKAL AT PINTA.
TILA ISANG MALAGIM NA BANGUNGOT AT PAUNTI- UNTING BUMABALOT SA AKING PAPA LAPIT NA WAKAS.
BUONG BUHAY KO, HINDI SUMAGI SA ISIP O SA PANAGINIP ANG PARUSANG ITO.
NGUNIT MINSAN MAY MGA BAGAY SA MUNDO NA HINDI SAKLAW NG ISIP NG TAO O NG SEYENSYA.
KAYA ISANG MALAKING MISTERYO ANG NAGANAP DAHIL AKING NATAKASAN ANG TIYAK NA KAMATAYAN.
BIGO AKO NA ITO AY MASUKAT HANGGANG NGAYON ...
AT MALAMAN KUNG ANO ANG NASA DAKO PA ROON.


PAANO NGA BA ULI MAGING TAO?
SAPAT NA BA ANG MAGKAROON NG LAMAN, HUMINGA AT MABUHAY?
PAKIRAMDAM KO AY NASA PAGITAN AKO NG ESTADO NG PAGIGING BUHAY AT PATAY. HINDI KO NA MABIGYAN NGAYON NG DEPINISYON ANG AKING PANANATILI DITO SA MUNDONG ITO.
PARANG ZOMB....
JUAN... JUAN ?!!
SIYA SI EUNICE. KABABATA KO AT NAGING KAKLASE KO RIN SA COLLEGE OF FINEARTS. SA KASALUKUYAN AY MAGKA BARKADA KAMI AT MADALAS MAGKASAMA SA MGA ART EVENTS BILANG MAGKAGRUPO SA AMING ART CLUB.
JUAN, TINATANONG KITA KUNG SAAN MO IKAKABIT ANG PAINTING MO NA YAN?
'DI KO ALAM KUNG BAKIT KA NATUTULALA AT KANINA KA PA NAKATINGIN SA PAINTING MO NA YAN.
MAYROON KA BANG NAALALA AT GUSTO MO NG BUMALIK SA IYONG PLANETA? MAGSALITA KA NAMAN, KASI NAGMUMUKHA AKONG ENGOT DITO.
YANG PAINTING NA HAWAK MO NA LANG ANG HINDI PA NATIN NALALAGAY.
UWIAN NA AT BUKAS AY ANG ATING OPENING EXHIBIT. MAY ILANG JOURNALIST NA RIN AKONG NAIMBITAHAN.
KUNG SINO MAN YANG INIISIP MO NGAYON, PAPUNTAHINMO NA RIN BUKAS..PARA MASAYA KO SIYANG MASASABUNUTAN SA PAG- AGAW NIYA SA'YO SA AKIN. AHEM!
HEHEHE. SORRY, EUNICE. EWAN KO BA AT KANINA PA AKO GANITO. BAKA EXCITED LANG AKO O KULANG SA TULOG.
SIYA AY MATAGAL KO NA RING LIHIM NA INIIBIG. NAKAKAPAGTAKA DAHIL HINDI NAWALA ANG NARA-RAMDAMAN KO SA KANYA PAGKATAPOS NG MALAGIM NA TRAHEDYA SA PABRIKA.


NGAYON ANG ARAW NG EXHIBIT NG AMING GRUPO. AKO ANG NAGMUNGKAHI NG TITULO AT ITO NAMAN AY KANILANG NAGUSTUHAN. "PANAN AWAN" AY ISANG SALAITANG ILLONGGO NA ANG IBIG SABIHIN AY BISYON O PANANAW.
ART-EXHIBIT
MAG-INGAT
ANG PAKSA AY UKOL SA IBA'T IBANG INTERPRETASYON O PAG-UNAWA NSA MGA BAGAY NA HINDI LANG NAKIKITA NG ATING MGA MATA KUNDI PATI NA RIN NG KALULUWA,
HANGO ITO SA EKSPRESYON NG AKING KASALUKUYANG ESTADO AT LAGAY NG LOOB. MADALAS AKONG BINABAGABAG NG KUNG ANO ANONG IMAHE SA AKING ISIP AT SA PAGPIINTA KO DINADAAN UPANG MAIBSAN ANG AKING MGA ALINLANGAN.
MGA ALINLANGAN NA PILIT NA HUMUMUKAY SA KAILALIMAN NG AKING BUDHI NA TILA BA NAG HAHANAP NG KATOTOHANAN.
PERO PAPAANO MO TATANGGAPIN ANG KATOTOHANAN KUNG IKAW MISMO AY ANINO LAMANG NG IYONG NAKARAAN?
SIGURO NALILITO LANG AKO SA NGAYON. PAKIRAMDAM KO AY IPINAG DAMOT SA AKIN NG TADHANA ANG KAMATAYAN AT BINUHAY AKO NG MAHIWAGA AT MASALIMUOT.
JUAN,KAGABI KA PA SERYOSO...
HALIKA, MAY IPAPAKILALA AKO SA IYONG MAGANDANG DILAG.
ANG DATI KONG CLASSMATE NA NGAYON AY ISA NA SA PINAKA-MAGALING NA JOURNALISTS.
SORRY, AT DI KO KAYO AGAD NAPANSIN, EUNICE.
HELLO, MAGANDANG DILAG. IM JUAN, ISA SA MGA ARTISTS DITO
HI! I'M DIVINE . JUAN MAG-INGAT, RIGHT?
MIND IF I ASK SOMETING?
SURE. DI NAMAN AKO MAKUKULONG NIYAN?
NOPE. HIHIHI!


" AS FAR AS I CAN REMEMBER, DI BA IKAW YUNG ISA SA MGA NAKA-SURVIVE SA NANGYARING INSIDENTE SA PABRIKA NG PINTA 3 YEARS AGO? NAKITA KO PA NGA YUNG MGA INTERVIEW MO SA TV. ANO ANG NANGYARI SA KASO MO AT SA KUMPANYA?"
TOTOO BA NA MGA TERORISTA ANG NAGPASABOG SA PABRIKA?
PAANO KA NAKALIGTAS?
BAKIT HINDI KA AGAD LUMABAS KATULAD NG IBA?
UTV
ADC NEWS
BAKIT NGAYON KA LANG LUMANTAD?
ISA BA ITONG PLANO LABAN SA GOBYERNO?
"OO AKO 'YUN, 'DI NA AKO NAGSAMPA NG REKLAMO. NAGSARA NA RIN ANG KOMPANYA AFTER NUN."
NGAYON LANG PO AKO LUMANTAD DAHIL NATAKOT PO AKO. PUMUNTA PO MUNA AKO SA AKING KAIBIGAN UPANG KUMUHA NG SAPAT NA LAKAS AT TAPANG SA AKING PAGBABALIK .
ANAK..
KUYA!
'NAY?! YENG?!
ANAK, HUHUHU!!! SALAMAT SA DIYOS AT LIGTAS KA!
TATLONG LINGGO NA, AKALA NAMIN WALA KA NA.
YUNG TITO HENRY MO 'DI NA RIN NAMIN NAKITA.
HA? PERO WALA SIYA DOON SA LAB NOONG NANGYARI ANG MGA PAGSABOG.
ANAK, NATAGPUAN ANG SUNOG NIYANG KATAWAN DOON SA PABRIKA.
KAWAWA NAMAN ANG TIYUHIN MO.


OH, OK... HOW ABOUT..
O, BAKIT NANDITO PA PALA KAYO , EUNICE?
IPAKITA NA NATIN SA KAIBIGAN MO ANG MGA GAWA NATIN SA LOOB.
OO NGA PALA, HALIKA SA LOOB.
NANDITO NA AKO MALAPIT SA AREA.
GOOD! NANDIYAN NA BA ANG HINAHANAP NATIN?
OO ANDITO NA SIYA.
HETO, GINAWA NI EUNICE HABANG SIYA AY LASING, I MEAN, ANTOK NA ANTOK NA. SO, NAGMUKHANG ABSTRACT, BUT OF COURSE I'M KIDDING.
HIHIHIHI SIRA!
ANG GANDA NAMAN, EUNICE!
WAIT, MAY IPAPAKILALA RIN PALA AKO SA INYONG DALAWA.
MEET MY BOYFRIEND... CARL.
IM JUAN. NICE TO MEET YOU SIR. PARANG NAMUMUKHAAN KITA.
NICE MEETING YOU , JUAN. AH, YOU PROBABLY SAW ME ON TV COMMERCIALS.
AH YES, I REMEMBER NOW. YOU'RE A BUSINESS TYCOON HERE IN MANILA, WOW. THANKS FOR ATTENDING. IT'S AN HONOR!
THE HONOR IS MINE.
NAKITA KO NA KANINA YUNG MGA PAINTINGS NINYO. I MUST SAY, I'M VERY IMPRESS. IN FACT, I ALREADY BOUGHT 5 PAINTINGS FOR MY HOTEL. YOU GUYS ARE SO TALENTED.
BY THE WAY, I NEED TO TAKE CAFFEINE BUT YOUR BAR STAND DOESN'T SERVE COFFEE. CAN YOU GUYS ACCOMPANY ME FOR A WHILE.
WOW! SALAMAT SIR! SIGE PO!
When do we proceed?

Proceed anytime now.





CRRSSSH!
WOHOO!!! I LIKE THIS ENTRANCE.
SHUT UP!
WE ONLY GOT 0.08 HOURS
DIYOS KO PO!
WHAT IN THE..
NAY...
KANINA MAY SUMABOG SA KABILANG BUILDING, NGAYON ITO NAMAN!
MY, GOD. THIS IS SERIOUS!
HOLY MOLY ...NO!
KUMUSTA KA NA PROFESSOR? SUMAMA KA SA AMIN.
PARA WALANG MAY MASAKTANG IBA!
B-BAKIT AKO?
ANO BA ANG KAILANGAN N'YO SA AKIN?
MERON KANG NALALAMAN NA HINDI ALAM NG AMING PINUNO.


SIR CARL, THANKS FOR THE COFEE AS WELL.
EUNICE, KAILANGAN KONG BUMALIK SA EXHIBIT, NANDOON SINA NANAY.
MALAPIT DOON ANG PAGSABOG.
INGAT! SUSUNOD KAMI.
SA KABILANG BUILDING LANG!
KUNG GAANO KABILIS ANG KABOG SA AKING DIBDIB AY SIYA RING DAGDAG NG GULO SA AKING ISIP.
SANA HINDI SILA NAPA HAMAK!
SANA HINDI AKO MAHULI!
NA TILA BA MARAMING BOSES ANG SA AKIN AY UMUUSIG AT KUMUKUMBINSI NA GUMAWA NG KASAMAAN.
HINDI KO NAIINTINDIHAN ANG MGA KATAGA SUBALIT DAMA KO ANG IMPLUWENSIYA.
MADALAS KONG NARIRINITG ANG MGA BOSES NA ITO SA ORAS NG AKING MGA PAGNINILAY
...AT AKING TINURING NA MGA INGAY LAMANG NA 'DI KO ALAM.
BLAM!
SUBALIT MAS MASIDHI ANG INGAY NG MGA BOSES SA NGAYON.
HINDI MAAARI 'TO!!!
PARA BANG NAGI UUDYOK NG GALIT SA AKING KALULUWA.
HINDI MAARING MAPAHAMAK SINA INAY AT SI YENG! HINDI AKO PAPAYAG NA MAGPALUNOD NA LAMANG SA PAG-AALALA AT HIMUTOK!
GAMITIN ANG ANYO NA PILIT NA NAGPAPALIGALIG SA AKING KATINUAN!
TAO PA NGA BA AKO? BAHALA NA! HAHAYAAN KO NA ANG KADILIMAN MUNA ANG UMIRAL.
SAPAGKAT HINDI KO NA KAYANG PIGILAN!


ITO NA TALAGA ANG AKING ANYO PAGKATAPOS NG INSIDENTE SA PABRIKA.
KAKAIBA. NAKAKATAKOT. NAKAKABAGABAG. NAKAKAGALIT.
SA TUWING NAKIKITA KO ANG SALAMIN AY NAGDUDULOT LAMANG NG HINAGPIS AT PAGKALITO.
PARA BANG MALAGKIT NA SUMPA AT AKO AY HINDI MAKAWALA.
SA BAWAT ARAW , MGA TANONG KO SA SARILI AY LALONG BUMIBIGAT.
IDAGDAG MO PA ANG NAKAKABULAHAW NA MGA TINIG SA AKING ISIP.
ANONG KLASENG NILALANG NA AKO? BAKIT NAGKAGANITO?
NAKUPO!
EXCUSE ME MGA SIR...
ANAK NG....
HUH?! ANO YAN?
PWEDE PADAAN?
HOLY S+++! NAGSASALITA?
S-SIR, BAWAL NA PO DUMAAN DITO!
DELIKADO NA PO SA LOOB!
A-ANO PA GAGAWIN MO DUN?
BAKA SAKALING MAPIGILAN..
MAG KO-COSPLAY?
AHHH... COSPLAY? S-SIGE..
COSPLAY? ANO 'YUN?
S+++! BUTI HINDI AKO INANO...
MEN! DON'T FIRE! MARAMI PA CIVILIANS ANG PAPALABAS!
NAKU, MARI RELIEVE AKO NITO!
ITUTULOY!
SA MGA PAHINA NG PINTURA: PANIMULANG YUGTO.



**Siya si MAGAUL...ang Haring Agila. Mabalasik, di napipigilan katumbas ay lakas ng daang tangke ! Siya ba ay kalaban o kasangga ni Pintura? Sino Siya> Abangan ang kanilang pagtutuos sa mga pahina ng PINTURA: Panimulang Yugto.**

**Magaul ©2013 and created by Vincent Soratiosa.**

**Pintura: Panimulang Yugto is a 56- 60 pages action-packed origin story / indie graphic novel of our very own local pinoy superhero, Pintura.**

order online: https://www.facebook.com/AngPintura

also available at: comic odyssey




# PINTURA
## Panimulang Yugto

*Juan was born with eminent talent in arts. He pursued Fine Arts but shifted to Chemical Engineering because of his uncle's influence. He lived a normal life until one day, a tragic event altered his destiny. It happened in the paint factory where he works as a student trainee. A group of armed men caused chaos and blew up the entire factory. Since Juan's body was not found, he was considered as one of the casualties. His family mourned his presumed death after the blast. A few weeks later, Juan appeared and became a lone witness to the terrorist attack. He is going to partake a journey which will reveal a darker and bigger conspiracy.*

*But how will he be able to handle all of these when he himself is now burdened by his own existence?*




https://www.facebook.com/AngPintura
http://johnbecaro.wix.com/johnbecaro


PINTURA
Panimulang Yugto
GRAPHIC NOVEL
order online: https://www.facebook.com/AngPintura
also available at: comic odyssey




# PINTURA

Fan Art by:
**DAVE QUINDOY**
http://dve6.deviantart.com



PINTURA

Fan Art Contest

**Alexis Boholst**

1ST PLACE WINNER



PINTURA

Fan Art by:

EDBON SEVILLENO

sinkosiete.deviantart.com



PINTURA

Fan Art Contest

Sherwin Jay R. Sablaon


2ND PLACE WINNER




# PINTURA

Fan Art by:
**GILBERT MONSANTO**
gammaknight.deviantart.com


LAN
CER
DRAKE




https://www.facebook.com/AngPintura














# PINTURA CHARACTER INFORMATION

Real Name: Juan Mag-ingat
Age: 25 Height: 5'5"
Occupation: Artist/ Chemical Engineer
Nationality: Filipino
Place of Origin: Philippines
Personality: Ambivert, highly creative and thinker.
Abilities: Tactical/ Strategist, Espionage, Shape shifting, Molecular and Substance control on objects, Extreme Regeneration, Emits Advance Chemical compounds to be used as weapons, Assimilation and Analysis, Defense Wall
Special Ability: "Extra Muscles" maneuver and control
Liability: Non- combatant/ Early stages of Schizophrenia

## Backgrounder/ History

Juan was born with eminent talent in arts. He pursued Fine Arts but shifted to Chemical Engineering because of his uncle's influence. He lived a normal life until one day, a tragic event altered his destiny. It happened in the paint factory where he works as a student trainee. A group of armed men caused chaos and blew up the entire factory. Since Juan's body was not found, he was considered as one of the casualties. His family mourned his presumed death after the blast.

A few weeks later, Juan appeared and became a lone witness to the terrorist attack. He is going to partake a journey which will reveal a darker and bigger conspiracy.

## What are "Extra- muscles"?



The "Extra-Muscles" are the yellowish gold body parts and the primary asset/ strength of Pintura. They are the integral portions of his undefined biological system that are versatile, flexible, psychedelic, and uncanny. They can extend up to 3 meters and can serve as sentient defense wall. These "muscles" resemble paint as they were originally composed of paints and other chemicals mixed together with an unknown element not found in the periodic table but could be somehow classified as one of the Non-newtonian fluids. They can be used as offensive weapon too. The end of each "Extra-Muscle" can be deadly volatile and has explosive result when in direct contact with other surfaces. They can also assimilate certain objects, analyzing data from it and sometimes using it to become their own part.



Meanwhile, the maroon/reddish part of Pintura's body holds the "Extra muscles" intact and serves as the catalyst when Pintura is using his shapeshifting ability. Its other features are still a mystery and yet to be explored.














Pintura © 2014 by JOHN BECARO and PINTURA COMICS GROUP

# PINTURA

## Panimulang Yugto

